## MGA KARAPATAN NG MAGULANG

**May karapatan ka:**

- Upang malaman kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng ELL
- Upang maipabatid sa inyo tungkol sa dahilan ng mga suporta at serbisyong ibinibigay at kung ano ang kinakailangan upang makalabas ang iyong anak sa programa
- Upang tanggihan ang mga serbisyo ng ELL kung hindi mo nais na matanggap ng iyong anak ang mga ito
- Upang taon-taong masuri ang iyong anak at matukoy ang kanyang pag-unlad sa pagkatuto ng wikang Ingles, at maipabatid sa kanya ang kanyang pag-unlad
- Upang mabigyan ang iyong anak ng pagtuturo gamit ang mga programang napatunayan na epektibo batay sa ebidensiya
- Upang maturuan ang iyong anak ng mga pangunahing aralin sa kanyang antas ng baitang
- Upang makatanggap ng komunikasyon sa wika o paraan na iyong nauunawaan

### ELL DIRECTOR

**Bobbi Lafferty**
**lafferty_bobbi@asdk12.org**

### ADMINISTRATIVE ASSISTANT

**Katrinka Dabbs**

### INSTRUCTIONAL SUPPORT

**Faith Schuld - Assessment & Compliance**
**Laurie Fredrick - Elementary Schools**
**Al Licata - Middle & High Schools**

### LANGUAGE SUPPORT CENTER

**907-742-4455**

### FAMILY WELCOME CENTER

**Katie Bisson, ELL Family Liaison**
**907-742-2171**
**Michelle Yoon, ELL Counselor**
**907-742-1977**

## Makipag-ugnayan sa amin

website: asdk12.org/ell

5530 E Northern Lights Blvd.
907-742-4452

Anchorage School District
*Educating All Students for Success in Life*

Filipino Rev 8/2026

ENGLISH LANGUAGE LEARNERS



Anchorage School District

# English Language Learners Program

# PANGKALAHATANG PAGLALARAWAN NG PROGRAMA

### IKA-1 NA HAKBANG: PAGKILALA

Ang Anchorage School District (ASD) ay may tungkulin sa pagtukoy sa lahat ng mag-aaral na may impluwensya ng ibang wika bukod sa Ingles sa kanilang pinagmulan, batay sa impormasyong ibinahagi ng pamilya sa Home Language Survey na kinumpleto sa panahon ng pagpaparehistro.

### IKA-2 NA HAKBANG: PAGTATASA

Ang ASD ay may tungkulin sa pagtatasa ng kahusayan sa wikang Ingles ng bawat mag-aaral na kinilala upang malaman kung siya ay nararapat na lumahok sa English Language Learners Program.

### IKA- 3 NA HAKBANG: PAGLALAGAY AT SERBISYO

Ang ASD ay may tungkulin na ipatupad ang isang programang nakabatay sa epektibong pamamaraang pang-edukasyon upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wikang Ingles at mabigyan sila ng makabuluhang pakikilahok sa mga programang pang-edukasyon.

### IKA- 4 NA HAKBANG: PAGTATAPOS SA PROGRAMA

Tungkulin ng ASD ang pagsunod sa mga pamantayan ng estado upang tukuyin kung kailan ang isang mag-aaral ay nagpakita ng sapat na kahusayan sa wikang Ingles at mga pang-akademikong kasanayan upang lumahok sa programa ng pangkalahatang edukasyon nang walang suporta ng ELL.

### IKA-5 NA HAKBANG: PAGSUSUBAYBAY

Titiyakin ng ASD na ang mga mag-aaral na nakatapos na sa programa ay matagumpay na nakakapag-aral sa programa ng pangkalahatang edukasyon. Ang pag-unlad sa akademiko ay susubaybayan sa loob ng apat na taon.

# MGA LAYUNING PANG-EDUKASYON

### MGA LAYUNIN NG ASD PARA SA MGA NAG-AARAL NG INGLES

- Kahusayan sa wikang Ingles
- Makabuluhang paggamit ng pangunahing kurikulum
- Makabuluhang paggamit ng buong saklaw ng mga programa at pagkakataon na magagamit para sa lahat ng mga mag-aaral sa ASD

### PAGTATASA

Ang WIDA Screener ay ibinibigay sa lahat ng mga bagong mag-aaral sa distrito na nagpakita sa talatanungan ng wika sa tahanan na ang wikang ginagamit sa bahay ay hindi Ingles sa panahon ng pagpaparehistro. Ang layunin ng WIDA Screener ay pagkakakilanlan at angkop na paglalagay para sa mga serbisyo ng ELL.

Ang antas ng kahusayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral ay sinusukat taon-taon gamit ang English Language Proficiency Assessment (ACCESS).

Ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay taunang sinusuri sa pamamagitan ng pang-estadong mga sumatibong pagsusulit at mga panukat na pagsusulit sa ilang partikular na antas ng baitang. Ang mga mag-aaral na ELL ay maaaring bigyan ng mga LEP Accomdation para sa mga pagtatasa ng estado at distrito ayon sa gabay ng estado at pangangailangan ng mag-aaral.

Ang mga iskor ng mag-aaral ay makikita sa seksyong Assessment Results ng Q Parent Connect.

MGA PAMANTAYAN SA PAGTATAPOS

Ang mga nag-aaral ng Ingles ay dapat matugunan ang mga sumusunod na pamantayan upang makalabas sa programa: isang kabuuang iskor na 4.5 o mas mataas sa ACCESS.

# MGA MODELO NG PAGTUTURO

### ENGLISH LANGUAGE DEVELOPMENT (ELD – Elementary)

Ang mga kawani ng ELL ay naglalaan ng oras para sa pull-out intervention na pagtuturo sa mga Mag-aaral ng Wikang Ingles upang makatuon sa mahalagang paglinang ng wika, batay sa kanilang kasalukuyang antas ng kahusayan sa apat na kasanayan: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

### CORE CONTENT SCAFFOLDING SUPPORT (CCSS – Elementary)

Ang mga kawani ng ELL ay nagbibigay ng mga nakabalangkas na pansuportang pamamaraan sa pagtuturo para sa mga serbisyong nakasaad sa gabay ng programa ng mga serbisyo, o sumusuporta sa guro sa paggamit ng mga estratehiyang ito upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong maunawaan ang mga pangunahing kurso.

### ENGLISH LANGUAGE DEVELOPMENT (ELD 1-3 – Middle at High School)

Nagbibigay ang mga guro ng ELL ng nakatuong kurikulum na dinisenyo upang mapaunlad ang mga kasanayan sa wikang Ingles na kinakailangan para sa tagumpay sa akademiko at napapanahong pagtatapos.

### MGA PANGUNAHING KURSO NA MAY AKOMODASYON

Mga pangunahing kurso na gumagamit ng kurikulum na pinagtibay ng distrito, kasama ang mga gabay sa pagtuturo at nakabalangkas na suporta, na nagsisilbing tulay mula sa kasalukuyang kasanayan ng mag-aaral sa wikang Ingles tungo sa mga pamantayan ng antas ng baitang.

Ang mga serbisyo at suporta ay nag-iiba ayon sa paaralan batay sa pangangailangan ng mag-aaral at pagkakaroon ng kawani. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng ELL sa iyong paaralan para sa impormasyon tungkol sa mga partikular na suporta at serbisyo.